# Pagsusuri ng Ekonomiya ng Batangas Mula sa Digital na Koleksyon ni Otley Beyer sa Pambansang Aklatan ng Pilipinas

**Analiza D. Resurreccion**

## ABSTRACT

Ang papel na ito ay isang pagsusuri sa mga kaalamang bayan tungkol sa ekonomiya at mga kaugnay na aktibidad sa lalawigan ng Batangas na masusumpungan sa kinalap na kalipunan ng mga manuskrito sa sinupán ni Otley Beyer (1915-1934) na makikita sa digital na koleksyon ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas.[1] Sa mga nasabing etnograpikong dokumento ay may mga salaysay at naratibo tungkol sa mga karanasan at kuwentong bayan na siyang bumubuo sa tinatawag na kaalamang bayan sa nasabing panahon kung saan masasalamin

---

DR. ANALIZA D. RESURECCION is the Research Development and Linkages Officer from De La Salle Lipa, Batangas.

ang buhay sa lalawigan ng Batangas. Historikal ang dulog sa pagsusuri dala ng pagiging primaryang batis ng mga nasabing manuskrito. Mahalaga ang papel sa paraang makapag-aambag ito tungo sa malawakang pag-unawa kung paano inilarawan ang lalawigan ng Batangas kaugnay ng mga sinaunang hanapbuhay noong panahon ng Amerikano. Para matamo ang layunin ng pag-aaral, binuo ang mga sumusunod na *substantive* o aktuwal na seksyon: 1) ang kalipunan ng mga manuskrito sa sinupan ni Otley Beyer at ang mga piling artikulo tungkol sa ekonomiya ng lalawigan Batangas; 2) mga tema, at diskurso ng mga piling artikulo tungkol sa ekonomiya at mga kaugnay na aktibidad sa lalawigan ng Batangas; at 3) pagsusuri sa mga natukoy na diskurso, at implikasyon ng mga ito sa kasalukuyang kalagayan ng sektor pang-ekonomiya ng lalawigan ng Batangas at maging ng kontemporanyong Pilipinas.

**KEYWORDS**

Beyer Collection, ekonomiya ng lalawigan ng Batangas, panahon ng Amerikano

## PANIMULA

### A. Kaligiran ng Pag-aaral

Tanyag si Henry Otley Beyer (1883-1966) bilang isa sa mga nangunang Amerikanong antropologo na nag-ukol ng panahon sa pananaliksik at pagtuturo ng kulturang katutubo sa Pilipinas. Hindi lingid sa kaalaman ng mga iskolar ng

antropolohiya at etnograpiya ang kaniyang nakahiligang pangongolekta ng mga arkeolohikal at etnograpikong espesimen at materyal na nagdulot upang magkaroon siya ng bulto ng mga personal na koleksyon. Isinilang si Beyer sa Edgewood, Iowa, at nagtapos sa Denver University, kung saan nag-aral siya ng kimika. Noong 1905 dumating siya sa Pilipinas, at habang nagtatrabaho bilang guro, pinag-aralan ang mga Ifugao ng Banaue Valley ng hilagang Luzon. Noong 1908-09 nagsagawa siya ng pananaliksik sa Asya, Hilagang Africa, at Europa at ipinagpatuloy ang pag-aaral sa antas gradwado ng programang antropolohiya sa Harvard University.

Noong 1909, bumalik siya sa Pilipinas at hinirang na etnologo sa Bureau of Science. Natutunan niya ang mga gawaing bukid mula sa mga Ifugao, Igorot, Apayao, Kalinga. Noong 1914 ay naging kabahagi siya ng Unibersidad ng Pilipinas at itinatag ang Kagawaran ng Antropolohiya. Nagsilbing propesor ng Antropolohiya noong 1924 at hinawakan ang posisyon hanggang sa kaniyang pagretiro noong 1954. Nanirahan siya sa Pilipinas hanggang sa kaniyang pagpanaw.

Bilang tagapanguna sa larangan ng antropolohiya sa Pilipinas, makabuluhan din ang kaniyang pangunahing mga kontribusyon sa larangan ng alamat, kaugalian na batas, arkeolohiya, sining, at heolohiya. Kabilang sa kaniyang maraming publikasyon ay ang serye ng araling etnograpiko ng Pilipinas (141 tomo 1912–22), *tektites* ng Pilipinas (1933–34), at mga kuwentong bayan, paniniwala, tanyag na kaugalian, at tradisyon (3 tomo 1941–43). Masigasig na kolektor si Beyer. Bilang karagdagan sa mga libro, polyeto, mapa, manuskrito at litrato, nakolekta rin niya ang mga

arkeolohikal at etnograpikong espesimen, palayok ng Pilipinas, *glazed wares* at *tektites* ng Tsina.

Ang koleksyon ng Beyer—na inilarawan bilang pinakamahusay na solong koleksyon ng mga *artefact* o yaring-tao, manuskrito, at dokumento ng Pilipinas ay naimbak sa maraming bahay na nirentahan ni Beyer sa distrito ng Ermita, Maynila. Inilipat and ilang bahagi nito sa Museum and Institute of Archaeology & Ethnology, Manila noong 1943, sa tulong ng noo'y mga awtoridad na Hapon; subalit nanatili itong isang pribadong koleksyon. Ang gusali ay matatagpuan sa Kalye Jose P. Laurel sa distrito ng San Miguel, kasama ang Bureau of Census and Statistics sa unang palapag at ang koleksyong Beyer na sumasakop sa itaas na palapag. Ang natitirang koleksyon ay nanatili sa tirahan ni Beyer sa Kalye Nebraska (ngayo'y Kalye Jorge Bocobo ), ngunit sa kasamaang palad ay ganap na nawasak sanhi ng sunog. Kasunod ng kalamidad na ito, ginawa ni Beyer ang lahat na pagsisikap upang protektahan ang naiwan sa museo. Kasunod sa sariling pagsusuri ni Beyer sa koleksyon, ang mga *tektite* ang naging pinakamatingkad, dahil naniniwala siya sa kanilang pinagmulang ekstraterestriyal. Bunsod ng makabuluhang pagyabong ng koleksyon mula pa noong sinimulan ito nang taong 1926, ito ay naging pinakamalaking koleksyon ng *tektite* sa mundo sa kalagitnaan ng ika-20 siglo. Kasama sa iba pa niyang mga koleksyon ang mga etnograpikong dokumento, arkeolohiko na *artefact*, at mga keramika o *ceramics*.

Limampu't walo mula sa kalipunan ng mga manuskrito sa sinupán ni Otley Beyer na makikita sa digital na koleksyon ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas

ang tungkol sa lalawigan ng Batangas. Labing-apat dito ay tungkol sa ekonomiya at mga kaugnay na aktibidad sa lalawigan.

Ang papel na ito ay isang pagsusuri sa mga kaalamang bayan tungkol sa ekonomiya at mga kaugnay na aktibidad sa lalawigan ng Batangas na masusumpungan sa kinalap na kalipunan ng mga manuskrito sa sinupan ni Otley Beyer (1915-1934) na makikita sa digital na koleksyon ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas. Sa mga nasabing etnograpikong dokumento ay may mga salaysay at naratibo tungkol sa mga karanasan at kuwentong bayan na siyang bumubuo sa tinatawag na kaalamang bayan sa nasabing panahon kung saan masasalamin ang buhay sa lalawigan ng Batangas. Historikal ang dulog sa pagsusuri dala ng pagiging primaryang batis ang mga nasabing manuskrito. Mahalaga ang papel sa paraang maaaring makapag-ambag ito tungo sa malawakang pag-unawa kung paano hiniraya ang lalawigan ng Batangas kaugnay ng mga sinaunang hanapbuhay noong panahon ng Amerikano lalo pa at limitado ang mga umiiral na talakay tungkol sa paksang ito na pinatutunayan ng iilan lamang na literaturang nakasentro sa lalawigan na nakalap ng mananaliksik. Para matamo ang layunin ng pag-aaral, binuo ang mga sumusunod na *substantive* o aktuwal na seksyon: 1) ang kalipunan ng mga manuskrito sa sinupan ni Otley Beyer at ang mga piling artikulo tungkol sa ekonomiya ng lalawigan Batangas; 2) mga tema at diskurso ng mga piling artikulo tungkol sa ekonomiya at mga kaugnay na aktibidad sa lalawigan ng Batangas; at 3) ang pagsusuri ng mga natukoy na diskurso, at implikasyon ng mga ito sa kasalukuyang kalagayan ng sektor pang-ekonomiya ng lalawigan ng Batangas at maging ng kontemporanyong Pilipinas.

## B. Paglalahad ng Suliranin

Hangarin ng pag-aaral na matugunan ang pangkalahatang suliraning kung paano inilarawan ang estado ng ekonomiya ng lalawigan ng Batangas noong panahon ng Amerikano. Maaaring hatiin pa sa mas maliliit na tiyak na suliranin ang nabanggit nang pangkalahatang layunin gaya ng mga sumusunod: 1) ano-ano ang mga tema at diskurso ng mga piling artikulo tungkol sa ekonomiya at mga kaugnay na aktibidad sa lalawigan ng Batangas; 2) ano-ano ang mga kabatirang maaaring matamo mula sa pagsusuri ng mga artikulo tungkol sa ekonomiya sa lalawigan ng Batangas; at 3) ano ang implikasyon ng mga natamong kabatirang ito sa kasalukuyang kalagayan ng sektor pang-ekonomiya ng lalawigan ng Batangas at maging ng kontemporanyong Pilipinas.

Binuo ang pangunahing suliranin sa paraang masasagot ito sa kongklusyon ng papel. Samantala, hinati ang pangunahing suliranin sa mas maliit at mas tiyak na mga suliranin sa paraang masasagot ang mga ito sa pamamagitan ng mga *substantive* o aktuwal na seksyong mapapaloob sa kabuoan ng papel.

## C. Kahalagahan ng Pag-aaral

Mahalaga ang papel sa paraang makapag-aambag ito tungo sa malawakang pag-unawa kung paano inilarawan ang lalawigan ng Batangas kaugnay sa mga gawaing pang-ekonomiya, at ng mga sinaunang hanapbuhay noong panahon ng Amerikano. Magbibigay-daan din ito upang maisagawa ang pag-update sa nilalaman tungkol sa kasaysayan ng lalawigan ng Batangas sa opisyal na *website*

nito na sa kasalukuyan ay may limitadong impormasyong matutunghayan.

Magiging mahalaga ring ambag ang manuskrito sa pagpapatingkad sa koleksyon ng De La Salle Lipa-Center for Batangas Studies. Higit sa lahat, magsisilbi itong sanggunian para sa mga mag-aaral at mananaliksik tungkol sa naging tradisyon ng ekonomiya ng lalawigan na kahit ang mga local na mananalaysay at historyador ay aminadong may kakulangan sa umiiral na mga tala.

## D. Konteksto ng Sanaysay

Nahahati ang seksyong ito sa mga sumusunod na paksa: 1) estado ng ekonomiya sa Pilipinas noong panahon ng Amerikano, 2) talakay tungkol sa mga gawaing pang-ekonomiya sa Batangas noong panahon ng kolonisasyon ng Amerika, at 3) paglalarawan sa mga bayan ng Batangas noong panahon ng Amerikano.

1. Estado ng Ekonomiya sa Pilipinas noong Panahon ng Amerikano: Ayon sa talakay ni Ybiernas, isa sa pinagtuonang pansin sa unang bahagi ng pamamahala sa ilalim ng Philippine Commission ang pagbibigay-puwang sa mga pribadong sektor upang maisulong at mapaunlad ang ekonomiya ng Pilipinas.[2] Sa bahagi naman ng gobyerno tinutukan ang pagbibigay ng mga pampublikong serbisyo, gayundin ang pagpapasimula ng mga pagbabagong pangkalahatan. Bago pa man ang panunungkulan ni Francis Burton Harrison bilang gobernador-heneral nang taong 1913, ikinonsidera nang pundasyon ang magkatuwang na inisyatibang ito sa pagitan ng pribadong sektor at gobyerno sa

paglalatag ng Philippine Economic Development Policy.

> "…the stimulation of private investment emerged as the foundation of Philippine economic development policy. Economic developments during World War I, outlined in the preceding section, conspired, however, to alter the development policy for the Philippines. The shift coincided with the growing power of the Filipino legislature vis-à-vis the Commission (1913– 1916) and the sympathetic disposition of Governor Harrison towards Filipino aspirations for independence after 1916."[3]

Ibinahagi naman ni Fuji na malaki ang naging pag-unlad ng industriya ng niyog sa timog Katagalugan noong panahon ng Amerikano.[4] Aktibong-aktibo noon ang pagluluwas ng mga produktong gawa sa niyog bunsod ng masiglang merkadong Amerikano. Ang pagniniyog ang pangunahing pinagkakakitaan ng maliliit na may-ari ng lupa, at mamamalas pa rin ang ilang plantasyon ng niyog. Nanguna rin ang timog Katagalugan sa paglikha at pagyari ng mga produktong gawa sa niyog, at sa katunayan pa ay itinanghal ang rehiyon bilang sentro ng produksyon ng industriya ng niyog sa Pilipinas.[5]

Samantala, sa pagsisiwalat naman ni Hunt, nabigo ang mga eskuwelahan sa Pilipinas na bumuo ng kurikulum na makahihikayat sa mga nagsipagtapos na mag-aaral na yakapin ang industriya ng pagsasaka.

Gayumpaman, hindi pa rin maipagkakaila ang naging epekto ng edukasyon noon sa larangan ng ekonomiya. Pinatunayan ito ng ipinamalas na interes sa inobasyon sa pagsasaka ng mga Pilipinong nakapagtamo ng edukasyon.[6] Bagaman, noon pa man ay nabanaagan na ang kapareho ring pagpapamalas ng interes ng mga Pilipino sa aspekto ng pag-aalaga ng mga manok, pagkakapon ng mga baboy, pagtuturok ng bitamina sa mga alagang hayop, siyentipikong pagpili ng mga binhing pananim, at partisipasyon sa iba't ibang kultural na seremonyang kaugnay ng pagsasaka.[7]

Ang mga kabatirang inilahad sa naunang mga talata ay nagsilbing patnubay ng mananaliksik sa isinagawa niyang pagsusuri sa mga iniluwal na kabatiran mula sa mga natukoy na manuskrito sa koleksyon ni Beyer na tungkol sa ekonomiya at mga kaugnay na gawain sa lalawigan ng Batangas. Partikular na mahalaga ang nabanggit na maigting na ugnayan sa pagitan ng gobyerno at pribadong sektor sa pagsusulong ng mga adhikaing pang-ekonomiya sa nasabing panahon. Bagaman, hindi rin matatawaran ang pagbanggit tungkol sa pakikisangkot ng lalawigan ng Batangas sa pagtataguyod sa industriya ng niyog katuwang ang iba pang mga lalawigan. Gayundin, mahalagang kabatiran ang tungkol sa pagpapamalas ng mga Pilipino noon sa dalang inobasyon ng Amerikanong mananakop partikular sa pagpapayabong ng agrikultura sa bansa.

2. Mga Gawaing Pang-Ekonomiya sa Batangas Noong Panahon ng Amerikanong Kolonyal: Base sa *Ulat ng Gobernador-Heneral ng Pilipinas* (1912) na nakalap mula sa digital na sinupan ng University of Michigan,

inilunsad nang taong 1907 ang ekstensyong gawaing pang-agrikultura kasabay ng pagtatalaga ng tagapamahala ng ekstensyong agrikultural. Sa loob ng tatlong taon, nakatutok lamang ang tagapamahala sa pagsusuri sa kalagayan o estado ng agrikultura sa Pilipinas. Noong 1911, nag-organisa ang mga tagapamahala ng lektura, at kampanyang pang-agrikultura at kanilang sinagawa ito sa 18 probinsya. Isa sa mga naging tunguhin ng kampanyang nabanggit ang paglulunsad ng mga pangkalahatang proyektong demonstrasyon sa ilang mga piling probinsya kabilang na ang Batangas. Mais at palay ang pangunahing pananim sa mga nasabing probinsya, bagaman naging bahagi rin ng plano ang pagtatanim ng tubo sa mga distrito na mataas ang produksyon ng asukal.[8]

Nakalahad naman sa sumunod na ulat ng taong 1915, na sampung karagdagang opisina ng telegrapo ang itinayo at lumikha ng bagong mga linya kasama na ang linyang nag-uugnay sa Balayan at Nasugbu sa Batangas.[9] Nakalatag din sa ulat na nagtayo ng mga pampublikong pasilidad para sa *livestock breeding* sa probinsya ng Batangas, gayundin sa Catanduanes, Maynila, Rizal, Ilocos Sur, Mountain Province, at maging sa Negros Occidental at Oriental.[10] Bukod dito, ilan pang mga pasilidad ang naitakda katulad ng mga demonstration station sa 10 distrito at 18 probinsya sa bansa kasama pa rin ang Batangas. *"…February 17, 1913 Act No. 2266 provides the installation of stations for practical instruction in methods concerning agriculture and a system of agricultural demonstration and development"*.[11] Sa larangan naman ng Agronomiya, naglaan ng oras

ang nakatalagang espesyalista sa asukal sa pagbisita sa mga produser ng asukal sa Negros Oriental, Negros Occidental, Batangas, Cebu, Panay, Tarlac, Laguna, Rizal, Bulacan, at Pampanga. Nagbigay din ang espesyalista ng mga personal na instruksyong bagay sa operasyon sa pag-aasukal kagaya ng paghahanda ng taniman, aktuwal na pagtatanim, paglilinang, patubig, at pag-aani. Samantala, bagay naman sa panahon ng paggigiling ng asukal, nagsagawa ang espesyalista ng mga lektura sa mga probinsya ng Tarlac, Pampanga, Rizal, Laguna, at gayundin sa Batangas.

Samantala, saklaw naman ng ulat sa taong 1916 ang pagtatalaga ng mga patubig sa San Pablo sa Laguna, Taal sa Batangas, at Vigan sa Ilocos Sur.[12] Bahagi rin ng nasabing ulat ang pagbanggit sa konstruksyon ng mga kalsada na tumatahak mula Maynila patungong katimugang bahagi partikular ang patungong Nasugbu, Batangas.[13]

Ilang mga talakay rin tungkol sa ekonomiya at mga kaugnay na gawain sa lalawigan ng Batangas na matutunghayan mula sa *Journal of American Chamber of Commerce of the Philippines* mula pa rin sa digital na sinupan ng University of Michigan. Isang artikulo nito na may titulong *The Rice Industry* na sinulat ni Percy Hill ng Muñoz, Nueva Ecija na lumabas noong 1921 ang nagsaad na ang *retail* o tinging presyo ng bigas at presyo ng palay ay nanatiling mainam bunsod ng mataas na pangangailangan sa suplay ng mga ito. Kabilang sa mga ahenteng aktibo sa pagluluwas ng mga produktong bigas at palay ay nagmumula sa Batangas, samantalang ang iba naman ay nagmumula

sa Cavite, Laguna, at iba pang lalawigan.[14] Sa nasabi ring panahon, makinang ang industriya ng pagbuburda. Ayon kay Kapitan Robert Murphy na noo'y Presidente ng *Arts Embroidery Company*

> *"…from 50,000 worth of embroideries exported in 1910, the business grew to an output of 16, 000,000 in 1920, the high water mark in the industry. Thanks to Fordney tariff bill, which raises the duty of foreign embroideries from 60-75 percent."* Bunsod diumano sa pagtaas ng pangangailangan sa mga likhang ito na mula sa Pilipinas na sinasabing katumbas ng kalidad ng mga likhang galing sa Europa. Dagdag pa ni Murphy, *"it is essentially a household industry; the principal centers of manufacture being the provinces near Manila, Bulacan, and Batangas are the leading embroidery production centers, followed by Rizal, Laguna, and Cavite."*[15]

Sa sumunod na publikasyon ng kapareho ring dyornal (1937), naging sentro naman ng talakay ang tungkol sa produksyon at kalakalan ng asukal kung saan tinukoy ang Batangas bilang isa sa masisiglang produser. May pagbanggit din tungkol sa pag-usad sa larangan ng transportasyon kung saan isa sa pangunahing pamamaraan ang operasyon ng bus.[16] Pahapyaw ding naglatag ng talakay tungkol sa operasyon ng Batangas Minerals and Consolidated Mines.[17]

Mahalagang ambag din ang hatid ng mga inilatag na kabatiran tungkol sa mga gawaing pang-ekonomiya

noong panahon ng Amerikano mula sa serye ng mga ulat ng gobernador-heneral sa Pilipinas, gayundin mula sa *Journal of Philippine Chamber of Commerce* na nakalap din mula sa digital na sinupan ng University of Michigan. Mainam na naging gabay rin ang mga kabatirang ito sa isinagawang pagsusuri ng mananaliksik upang matiyak ang kawastuhan ng mga iniluwal na datos ng mga manuskrito sa koleksyon ni Beyer na siyang naging lunsaran ng bubuoing mga kongklusyon ng pag-aaral. Bagaman, lubhang limitado ang mga nasabing talakay dahil tumukoy lamang ang mga ito sa programang pang-agrikultura, maikling talakay sa telekomunikasyon at transportasyon, gayundin sa industriya ng palay, asukal, at pagbuburda. Walang pagbabanggit sa iba pang mga sektor ng ekonomiya katulad ng pangingisda, diskarte sa pagnenegosyo, at maging tungkol sa iba pang uri ng kalakalang kinasangkutan ng mga tagalalawigan ng Batangas.

3. Maikling Paglalarawan ng mga Bayan ng Batangas Noong Panahon ng Kolonyal na Amerikano (1902-1942): Isang publikasyon ng 1902 na pinamagatang *A Pronouncing Gazetteer and Geographical Dictionary of the Philippine Islands* ang naglalaman ng isang buong seksyon na nakatuon sa mga talakay hinggil sa lalawigan ng Batangas. Dito nilatag ang mga makabuluhan at makasaysayang impormasyon tungkol sa estado ng 22 bayan ng lalawigan noong nabanggit na taon. Ang taong 1902 ay umpisa pa lamang ng panahon ng kolonisasyon ng Amerika sa Pilipinas.

Ipinakilala ang lalawigan sa pagkakaroon nito ng isang kabuoang sukat ng kalupaan na 1,108 milya kuwadrado (kompara sa kasalukuyang 1,204.54 milya kuwadrado o 3,119.75 kilometro kuwadrado), na may populasyon na 311,180 (bagaman at malamang na hindi ito tumpak sa kasalukuyan). Ang pangalan nito diumano'y mula sa salitang "batangan," na tumutukoy sa isang tungkod na ginamit sa pagbuo ng mga bangka. Taliwas ito sa tinaguriang "makasaysayang datos" para sa Lungsod ng Batangas, na inangkin na ang pangalang "batang" na tumutukoy sa mga torso.[18] Ang nakalatag na paglalarawan ng nabanggit na publikasyon sa pisikal na katangian ng lalawigan ay tinatayang ayon sa kung ano ang umiiral na kasalukuyang tuntunin o batayan partikular sa mga look o *bay*, mga bukana o *inlets*, bundok, bangin, ilog, at iba pang mga katangiang pangheograpiya. Gayumpaman, mahalagang tunghayan ang isang talatang tumutukoy sa estado ng mga kalsada ng lalawigan kung saan binanggit na ang kalsada ng Calamba patungong Batangas ay sumasailalim sa isinasagawang konstruksyon. Partikular na inilahad na:

> "The roads are all good during the dry season, but in the rainy period, many of them become impassable on account of the character of the soil, which is clay. Two main cart roads extend from Batangas, the capital, one to the NE, and the other to the N., connecting through other highways with Manila. The cart roads into Laguna run by way of Santo Tomas and Calamba; into Tayabas by way of Rosario and

> Taysan, and to Cavite by way of Balayan to Tuy; thence a footpath over the sierra extends to the village of Caitiñga, from which point there is an excellent road via Alfonso and Bailen to Ternate, where it joins the Manila Bay road via Cavite to Manila."[19]

Sa panahong iyon, ang Batangas ay mayroon pa ring 22 bayan (kompara sa apat na lungsod at 30 bayan sa kasalukuyan). Makabuluhan ang mga detalyeng nilalaman ng talakay tungkol sa noon ay 22 pa lamang na mga bayang bumubuo sa lalawigan ng Batangas. Mainam itong patnubay ng mananaliksik upang hindi magkaroon ng kalituhan bagay sa mababanggit na pagtukoy sa mga partikular na bayan sa mga sinuring manuskrito mula sa koleksyon ni Beyer.

## METODOLOHIYA

Historikal ang dulog sa ginawang pagsusuri sa mga kaalamang bayan tungkol sa ekonomiya at mga kaugnay na aktibidad sa lalawigan ng Batangas na masusumpungan sa kinalap na kalipunan ng mga manuskrito ni Otley Beyer (1915-1934) na makikita sa digital na sinupan ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas. Nagsilbing primaryang batis ang mga etnograpikong dokumento ito na naglalaman ng mga salaysay at naratibo tungkol sa mga karanasan at kuwentong bayan kung saan masasalamin ang buhay at hanapbuhay sa lalawigan ng Batangas.

Ang unang *substantive* o aktuwal na seksyon na inilatag sa kabuoan ng pananaliksik ay tumalakay sa kalipunan ng mga manuskrito sa sinupan ni Otley Beyer at

ang mga piling artikulo tungkol sa ekonomiya ng lalawigan ng Batangas. Kaugnay nito, isinagawa ng mananaliksik ang pagkalkal ng mga manuskritong mula sa nasabing sinupan, at nakatukoy ang 58 manuskritong tungkol sa Batangas. At mula rito, ay natukoy naman ang 14 na manuskrito na naihanay sa unang bahagi ng papel na ito na siyang tampok sa kasalukuyang pag-aaral. Inilatag sa parehong seksyon ang talakay sa mga tema at diskurso ng mga piling artikulo tungkol sa ekonomiya at mga kaugnay na aktibidad sa lalawigan ng Batangas. Iniluwal ito mula sa isinagawang komprehensibong pagbabasa ng bawat manuskrito kasunod ang pagbuo ng lagom.

Samantala, inilatag ng mananaliksik sa ikalawang substantibong seksyon ng papel ang pagsusuri ng mga natukoy na diskurso. Nagsilbing basehan ng isinagawang pagsusuri ang mga nakalap na tala mula sa iba pang mga hanguan. Nilayon nitong matamo ang kawastuhan ng mga inilatag na resulta at mga bagong kabatirang hatid ng pag-aaral. Gayundin, inilahad ang talakay sa implikasyon ng mga kabatirang natamo sa kasalukuyang kalagayan ng sektor pang-ekonomiya ng lalawigan ng Batangas at maging ng kontemporanyong Pilipinas na siya namang bumuo sa ikatlong substantive o aktuwal na seksyon ng pag-aaral.

## RESULTA AT DISKUSYON

### A. Ang Kalipunan ng mga Manuskrito sa Sinupan ni Otley Beyer Tungkol sa Lalawigan ng Batangas

Limampu't walo mula sa kalipunan ng mga manuskrito sa sinupan ni Otley Beyer na makikita sa digital na

koleksyon ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas ang tungkol sa lalawigan ng Batangas. Nakalahad sa talahanayang matatagpuan sa apendiks ang mga pangalan ng may-akda, petsa ng pagkalathala, at mga temang makikita sa bawat artikulo. Ang unang 14 na artikulo na nakalatag sa talahanayan ay tungkol sa ekonomiya at mga kaugnay na aktibidad sa lalawigan. Matutunghayan din ang 14 na artikulong ito sa Talahanayan 1. Ang mga artikulo mula 15 hanggang 31 ay tungkol sa mga kaugalian, tradisyon, at musika. Tumatalakay naman tungkol sa arkeolohiya, at mga kaugalian sa kasal at lamay ang 32 hanggang 39 na mga artikulo. Samantala, ang mga natitirang 18 artikulo na nakalatag sa ibabang bahagi ng talahanayan ay tungkol sa mga paniniwala at relihiyon.

TALAHANAYAN 1
KALIPUNAN NG MGA MANUSKRITO SA SINUPAN NI OTLEY BEYER TUNGKOL SA EKONOMIYA NG LALAWIGAN NG BATANGAS NA MAKIKITA SA DIGITAL NA KOLEKSYON NG PAMBANSANG AKLATAN NG PILIPINAS

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA |
|---|---|
| 1. “The Life of a Batangas Fisherman” | Jose P. Caedo, 1915 |
| 2. “The Local Commerce of Batangas” | Jose M. Hilario, 1915 |
| 3. “The Place of the Farmer and the Merchant in Batangas Society” | Jose P. Caedo, 1916 |
| 4. “Economic Activities of the Women in Batangas Province” | Tarcila Malabanan, 1916 |
| 5. “The Fishing Industry of Balayan” | Lorenzo Brotonel, 1916 |
| 6. “Industries of Batangas Province” | Galicano Luansing, 1916 |

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA |
|---|---|
| 7. "Pot-making in Batangas" | Aurelio P. Arguelles, 1917 |
| 8. "Weapons and Implements Made and Used in the Town of Taal" | BB Atienza, 1917 |
| 9. "Agriculture in San Juan, Batangas" | Beato M. Bukid, 1919 |
| 10. "Rice Culture in the Town of Cuenca" | Ananias L. Chavez, 1920 |
| 11. "The Citrus Industry in Batangas Province" | Cornelio V. Umali, 1924 |
| 12. "Citriculture in Tanauan" | Encarnacion R. Buendia, 1926 |
| 13. "Economic Survey of Lian, Batangas" | Pastor M. Layosa, 1927 |
| 14. "The Industrial Survey of the Town of Taal, Batangas Province" | Crisologo Atienza, 1934 |

Isa sa 14 na artikulong tungkol sa ekonomiya ng lalawigan ang "The Life of a Batangas Fisherman" na isinulat noong 1915 ni Jose Caedo. Inilarawan niya rito na ang pag-usbong ng talino at kultura ng tao ay naghatid ng pag-unlad sa sektor ng pangingisda bilang isang natatanging industriya sa lalawigan. Ang mga mangingisda noon ay itinuturing hindi lamang bilang isang manggagawa; kasabay ring pinahahalagahan ang kaniyang kultura, at pilosopiya sa buhay.

Isiniwalat din sa artikulo na akmang-akma ang lokasyon ng mga bayan ng Batangas sa industriya ng

pangingisda. Buháy na buháy ang industriya noong nasabing panahon, kaya naman, maayos ang naging daloy ng pamumuhay ng mga mangingisdang taga-Batangas. Bagaman may dalawang pamamaraan ng pangingisda ang umiiral noon—ang pangingisda sa tubig-tabang at pangingisda sa tubig-alat, tumuon ang talakay sa artikulo sa pangingisda sa tubig-alat na may pagbibigay-diin sa pagkakaiba ng pamamaraang ito sa pangingisda sa tubig-tabang. Kasama sa naging talakay ni Caedo ang mga uri ng isda na nahuhuli. Ikinakalakal diumano ng mga mangingisda noon para sa ibang produkto ang labis nilang huli.

Dagdag pa ni Caedo, ang sistemang *cabecilla* ay karaniwan noon sa Batangas. Ito ay tumutukoy sa isang kapitalista na mayroong isang koponan ng karaniwang 30 hanggang 40 kalalakihan na nagtatrabaho para sa kaniya bilang isang yunit na laan sa pangingisda. Hahatiin ang perang kinita sa mga kalalakihan matapos na ihiwalay ng kapitalista ang kaniyang parte. Ang isang masipag na mangingisda ay maaari ring tumupad ng iba pang gawain para sa kaniyang *cabecilla* para sa dagdag na kita. Samantala, ang iba namang kulang sa sikap ay nagkakaigi na lamang sa pakikipagkwentuhan sa ibang mga mangingisda, naglilibang sa sabungan at sugalan. May pagbanggit din sa artikulo na ang ibang mangingisda naman ay gumagawa rin ng asin para pa rin sa dagdag nilang pagkakakitaan.

Sa parehong taon, 1915, isinalaysay ni Jose M. Hilario sa kaniyang artikulo na may titulong *The Local Commerce of Batangas* ang pagpapahiwatig ng pag-usad ng lalawigan bunsod ng lokal na komersyo. Noong panahong iyon aniya, ang komersyo sa Pilipinas ay nakahihigit na domestik.

Kaya at mainam na sa pagbubuo niya ng artikulong ito ay kasabay na nababanaagan ang pagsisimula ng mga negosyanteng Pilipino sa pagpapabuti ng kanilang ugnayan sa pakikipagkalakalan sa buong mundo. Ayon kay Hilario, ang bawat bayan sa Batangas noon ay may kani-kanilang araw sa pagmemerkado. Ang Lunes lamang aniya ang araw na hindi laan para sa araw ng pagmemerkado bagaman wala pa siyang nabanggit na dahilan tungkol dito. Binanggit pa niya na noon ang kasagsagan ng sistema ng barter sa lokal na komersyo ng Batangas. Karaniwan sa mga panahon ng pag-aani, ang mga produkto ay ipinagpapalitan sa bawat isa, tulad ng bigas na ipinagpapalit para sa asukal. Talamak din umano noon sa lalawigan ang mga mangangalakal na Tsino, bagaman ay wala sa kanila ang nakatira sa Taal dahil ang mga alaala ng nakaraan kung saan madalas pinapatay ang mga ito sa nasabing bayan ay nandoon pa rin sa isip ng mga nasabing Tsinong dayuhan.

Ang isa pang akda ni Jose Caedo na kaniyang isinulat nang sumunod na taon, 1916 ay may titulong *"The Place of the Farmer and the Merchant in Batangas Society"*. Dito ay isinalaysay niya ang kaniyang personal na pagtingin sa mga sitwasyon ng mga mangangalakal at magsasaka sa kaniyang bayan, kompara sa pagtingin sa mga ito ng Tsina. Ang mga negosyante at magsasaka ay kabilang noon sa pinakatanyag na kalalakihan sa bayan, ngunit hindi bilang mga 'pinuno' dahil ang katayuang ito ay higit na naiugnay sa mga propesyonal. Isiniwalat ni Caedo na ang *stereotyping* na ito ay nagsimula mula noong kolonisasyon ng Espanya kung saan ang mga propesyonal ay higit na nakakonekta sa mga Espanyol na panginoon samantalang ang mga kalalakihan tulad ng mga magsasaka ay kailangan lamang para sa mano-manong paggawa. Ang kolonisasyong Amerikano

at pagdagsa ng iba pang mga relihiyon na tinanggal ang kataasan ng mga pari ng Espanya ay unti-unting binura ang pagtatangi sa mga magsasaka at mangangalakal, na pinapayagan silang yakaping muli ang natatangi nilang lugar sa lipunan. Ang impluwensiya ng mga magsasaka ay binigyang pagpapahalaga sa Batangas, na siya pa ngang naghatid ng tagumpay sa kanila sa Asembleya ng Pilipinas—isang bagay na hindi posible sa panahon ng pamamahala ng Espanyol. Ang pagtalakay sa kung paano ang dating mayroon nang tatlong klase sa lipunan (ang mga propesyonal, mga magsasaka at mangangalakal, at ang klase ng manggagawa) sa Batangas ay inalis, at bumuo lamang ng isang pantay na uri.

Sa parehong taon, isinulat naman ni Tarcila Malabanan ang "Economic Activities of the Women in Batangas Province". Itinampok niya rito ang mga kapaki-pakinabang na aktibidad na ginagawa ng mga kababaihan sa Batangas. Kabilang sa mga aktibidad na kaniyang tinukoy ang mga gawaing pampropesyonal. Aniya karamihan sa mga kababaihan sa Batangas noon ay nakikibahagi sa pagtuturo. Nakisangkot din ang mga kababaihan sa iba't ibang industriya at paggawa. Ang paghabi ay itinuturing noon bilang isang mahalagang industriya sa Batangas, partikular sa mga bayan ng Batangas at Taal. Karamihan sa mga kababaihan ang namamahala sa paggawa nito; kabilang dito ang pagbuburda at paggagantsilyo. Naghahatid din sila sa iba pang bayan ng mga kasangkapan sa pagluluto at mga paso na sila mismo ang gumagawa. Aktibo rin ang mga kababaihan sa mga transaksyon sa *trading business*. Ang pagbili at pagbebenta ng mga kalakal para sa kita ay ang pinakamalaking bahagi ng aktibidad na pang-ekonomiya ng mga kababaihan sa Batangas. Nangangasiwa rin sila ng

mga tindahan, umaangkat ng mga paninda kagaya ng damit mula sa Maynila, at ibinebenta ito sa mga bayan. Ang ilan naman ay nagbebenta rin ng mga *raw product* at alahas. Gayundin, ang ilang mga kababaihan ay tumutulong sa mas magaan na gawain sa bukid tulad ng paghahasik ng mga binhi, pagbunot ng mga damo, at pag-igib ng tubig. Ang iba ay naglalaba at naninilbihan. Kabilang din sa pinagkakakitaan ng mga kababaihan noon ang pananahi, at ang pamamahala ng lupa at iba pang mga pag-aari.

Sinulat ni Lorenzo Brotenel ang artikulong "The Fishing Industry of Balayan" ng taong ding 1916 na tumalakay sa industriya ng pangingisda sa Balayan. Itinampok ni Brotonel sa artikulo ang mga kasangkapang ginamit sa pangingisda sa tabang. Tinukoy rito ang "kapa" bilang teknik gamit lamang ang kamay; ang "bañgon" o mga *split* ng kawayan na hinabi sa isang silindro na may tinatawag na *tapering* sa isang dulo; ang "galaw" o ang hugis *funnel* na piraso sa dulo ng bañgon; at ang "sañga" o ang mas malaking bersyon ng bañgon. Tinalakay rin sa artikulo ang paggawa ng mga lambat ng isda, kawit, at linya. Tinatawag na "sima," ang unang lambat ng isda na nabuo; at ang "dala," isang hugis *funnel* o *tent* na lambat. Binanggit din ang paggamit ng "hagnaya," isang uri ng baging, upang makagawa ng isa pang napakamabisang paraan ng paghuli ng mga isda. Ibinahagi rin ni Brotonel ang mga gamit sa pangingisda sa tubig-alat. Kinabibilangan ito ng "sacag," isang kagamitang katulad ng sima bagaman ito ay apat hanggang limang beses na mas malaki; ang "pante" na isang mahabang fishnet; ang "pukot" at ang dalawang uri nito—ang "panguilid" at "panlaot" na itinuturing na pinaka mahusay na kagamitan sa pangingisda. Tinukoy rin ang "baklad" at ang dalawang uri nito—ang "baklad"

at ang "panak." Itinampok din sa artikulo ang paraan ng pangangalaga ng mga isda sa bayan maging ang katayuan ng pag-export ng isda.

Isinalaysay naman sa pareho pa ring taon, 1916 ang tungkol sa mga industriya sa lalawigan sa artikulong "Industries of Batangas Province" ni Galicano Luansing. Ang pinakamahalagang industriya ng lalawigan ng Batangas aniya ay ang agrikultura. Bunsod ito ng pagkakaroon ng lupang sagana sa mineral na resulta ng mga aktibidad ng Bulkang Taal. Ito ay inihalintulad sa uri ng lupa sa mga isla ng Hawaii na nagmula rin sa bulkan na akma sa paglago ng asukal, bigas, dalandan, abaca, at tabako. Masigla rin noon ayon kay Luansing ang *stock raising*. Ang malawak na mga lupain ng Rosario, Taisan, at Lobo na nagdudulot din ng masaganang produksyon ng mais ay nagpapadali sa pagpapalaki ng mga hayop. Baka, kalabaw, kabayo, kambing, at baboy ang pangunahing mga hayop na inaalagaan noon. Ang mga kabayo ng lalawigan ay kilalang-kilala sa buong kapuloan. Ang Batangas ay mayroong maayos na kalidad ng mga baka at patuloy na umaangkat ng mga batang baka mula sa Capiz at Mindoro. Mainam din ang *hog raising* sa lalawigan at naging malawakan ang pag-export nito sa Maynila. Naging mahalagang bahagi rin ng industriya ang pag-export ng mga manok.

Sa patuloy ng naratibo ni Luansing, binanggit niya na ang pagtotroso ay isa rin sa bumuo sa mga industriya ng lalawigan. Pangunahin itong naisagawa sa isang baryo sa San Juan at sa reserbang kagubatan sa paligid ng Makiling. Ang malalaking tabla ay kinukuha mula sa mga buról ng Nasugbu. Kabilang dito ang molave, quijo, tindalo, balayang, apitong, banaba, palomeria, susat, at

lauan. Ang kawayan ay matatagpuan sa buong lalawigan at may malaking kahalagahan sa ekonomiya sa buhay ng mga katutubo. Gayundin mahalaga ang naging ambag ng mga pagawaan sa lalawigan ng Batangas. Sa Lipa, ang mga *saddle*, *harness*, at tsinelas ang produkto maging ang habing sinamay, *jusi*, at sutla. Ang Tanauan ay gumagawa noon ng isang mahusay na kalidad ng mga latigo, cabonegro, at lubid. Sa mga distritong kilala sa mga dalandan, ang Santo Tomas at Tanauan, ang mga tao ay gumagawa ng mga basket ng kawayan para sa pagpapadala ng mga dalandan. Ang tsinelas ay gawa sa maraming bayan. Ang *leather khaki* at *white duch shoes*, pati na rin ang *crockery* ang kasama rin sa mga ginagawa. Ang paggawa ng palayok ay hindi rin matatawaran. Ang mga lubid at lambat ay ginagawa sa mga baryo na malapit sa dagat. Ang pinaka-pangkalahatang industriya ng sambahayan sa lalawigan ay ang pagtali ng *abaca* para sa paggawa ng mga *braid* na siya namang ginagamait sa paggawa ng sombreong *abaca*. Para sa layuning ito, maraming *abaca* ang na-import mula sa lalawigan ng Cavite at ang nagawang *tied abaca* naman ay naipadala sa Maynila at pagkatapos ay na-export sa Italya at Japan. Samantala, sa Bauan at Taal naman ginagawa ang paghabi ng mga sinamay.

Gayundin, naging masigla ayon kay Luansing ang komersyo sa lalawigan. Nagluluwas ito ng asukal, baboy, kahel, isda, kabayo, mais, tela, *tied abaca*, pinong burda, sawale, basket, at mga bolo. Sa kabilang banda, ang lalawigan ay nag-aangkat ng mga *dry goods*, *hardware*, makinarya, groseri, alak, at tabako mula sa Maynila, *abaca* mula sa Cavite, *vino* mula sa Laguna, niyog mula sa Tayabas at baka mula sa Mindoro, Capiz at Romblon. Kinokontrol

man ng mga Tsino ang mas malaking bahagi ng kalakalan sa lalawigan, ang mga tao sa Taal at Lipa ay itinuturing na bantog na mga mangangalakal. Bukod sa mga nauna nang isiniwalat, kasabay ring nagpatingkad sa industriya ng Batangas diumano ang pangingisda.

Ang artikulong "Pot-making in Batangas" na sinulat ni Aurelio P. Arguelles noong taong 1917 ay tumuon naman sa proseso ng paggawa ng palayok. Ang paggawa ng palayok ay isa sa pinakamahalagang pinagkakakitaan sa Palyocan, Batangas. Bagaman ang paggawa ng palayok ay isang kasanayang nahubog na sa maraming taon, ito ay nanatiling isang yumayabong na industriya sa lalawigan. Pinanatili ng kompetisyong umiiral sa Pilipinas maging sa mga bansang Tsina at Japan ang industriyang ito sa Batangas. Pangunahing kasangkapan sa paggawa noon ng palayok ang kulay-abo at malagkit na luwad na nakuha mula sa mababang lupa sa tabi ng ilog ng Calumpang. Itinuring na simple at makaluma ang pamamaraan ng paggawa ng palayok sa Batangas. Bagaman mayroong kawalan ng pamantayan at ng organisadong plano bagay sa pagdaloy ng industriyang ito pati na rin ng kaalamang teknikal sa pag-angat ng gawaing pangkabuhayan, hindi matatawaran ang kalidad ng mga palayok na gawa sa lalawigan. Ipinahayag ni Arguelles sa pagsulat niya ng artikulong ito na may mainam na hinaharap ang industriyang ito bilang patuloy na nagtutustos ang Batangas sa mga karatig-bayan at kalapit na lalawigan.

Ang mga sandata at kagamitang ginagamit sa lalawigan noong panahon ng Amerikano ay gawa sa Taal kung saan uling ang ginagamit para sa gasolina sa pagpapanday. Ito ang

isinalaysay ni BB Atienza sa kaniyang artikulong "Weapons and Implements Made and Used in the Town of Taal," (1917). Ibinebenta rin ang mga sandata at kagamitang ito sa ibang lokalidad. Matutunghayan sa Apendiks ang mga pangalan maging ang disenyo ng sandata at kagamitang ito.

Itinampok naman sa artikulong "Agriculture in San Juan, Batangas" ni Beato M. Bukid noong 1919 ang talakay tungkol sa mga produktong agrikultural sa San Juan. Base sa nilalaman ng talakay, nahahati noon ang bayang ito sa silangan at kanluran kung saan naging produktibo ang pagtatanim ng niyog sa una, samantalang palay naman sa huli.

Ang "Rice Culture in the Town of Cuenca" na sinulat ni Ananias L. Chavez (1920) ay nagsiwalat ng pagyakap ng mga magsasaka sa mga rituwal sa bawat yugto ng pagtatanim—bago isagawa ang pagtatanim, aktuwal na pagtatanim, at maging sa pag-aani. Sinasabayan din ng pag-aalay ang pagsasagawa ng rituwal. Halimbawa ay ang pag-aalay ng mga magsasaka sa kanilang patron ng pinipig o lutong kanin na gawa sa isang maliit na bahagi ng kaniyang paunang ani.

Samantala, ibinahagi ni Cornelio V. Umali sa artikulong may titulong "The Citrus Industry in Batangas Province," (1924) ang mga pamamaraan ng pagpili at paglilinang ng sitrus. Ang mga magsasaka noon aniya ay gumagamit ng sinaunang pamamaraan sa pagbebenta ng kanilang mga prutas. Hindi nila alintana ang pagbebenta

nito ng kaunting presyo sa mga *middlemen*; huwag lamang maranasan ang anomang peligro ng pagdarahop.

Isinalarawan sa artikulong "Citriculture in Tanauan" ni Encarnacion R. Buendia (1926) ang pagkilala sa Batangas bilang "Orange District" kung saan nagmula ang dalawang prutas na sitrus, pangunahin ang mandarin at pangalawa ang pomelo. Iniuugnay ito sa pagkakaroon ng mainam na kondisyong angkop sa paglilinang ng sa "orange district" gayundin sa mataas na kalidad ng mandarin na orihinal na ipinakilala sa lalawigan. Ang "bark rot" ang itinuring niyang pinakaseryosong sakit na nauugnay sa pagkamatay ng *mandarin groves*. Ang pagtaguyod ng Tanauan Citrus Station noong 1919 ang siyang naging tugon upang pag-aralan ang mga sitwasyong kaugnay sa paglilinang ng mga mandarin at maglapat ng mga hakbang sa pag-iwas at paggamot upang makontrol ang suliraning ito. Ang pagsabog ng Bulkang Taal noong 1911 at ang mapanganib na epekto nito sa Batangas, partikular sa Tanauan at Sto. Tomas, partikular ang *lava* mula sa bulkan at usok na inilabas nito sa pagsabog ay nakakasama sa industriya ng sitrus sa lalawigan.

Sa bayan ng Lian, ang agrikultura, pangingisda, at paghabi ng basket ang pangunahing industriya. Ito ay base sa talakay ni Pastor M. Layosa (1927) sa kaniyang artikulong "Economic Survey of Lian, Batangas". Ang komersyo at kalakal ay mahahalaga ring industriya sa nasabing bayan. Gayundin, ang mga palayan at tubuhan ay bahagi ng simpleng pamumuhay ng mga mamamayan. Ang bawat lupain para sa pagsasaka ay nalilinang maliban sa mga bahaging kagubatan kung saan kinukuha ang mga

poste para sa mga bahay maging ang gasolina. Mahalagang bahagi rin ng hanapbuhay sa bayan ang pagsasaka ng tubo at produksyon ng bigas.

Binigyang diin naman ni Crisologo Atienza sa isinulat niyang "The Industrial Survey of the Town of Taal, Batangas Province" noong 1934 na ang Taal bilang isang bayan na pang-agrikultura ay mahirap. Nag-aangkat ito ng bigas mula sa Maynila, Zambales, at Mindoro. *Share system* ang ginagamit sa pagbabahagi ng mga ani kung saan ang may-ari ng lupa ay nagbibigay ng mga hayop upang gamitin sa sakahan, mga butong pananim, pati na ang pagtatanimang lupa. Ang mga nangungupahan ay nagtatanim ng lupa at mula sa pag-aani, ang mga nangungupahan ay tumatanggap ng kalahati ng ani at napupunta naman sa may-ari ng lupa ang natitirang kalahati. Karaniwan din na ang mga nangungupahan ay nagbibigay ng panggatong sa may-ari ng lupa o kaya naman ay tumutulong dito sa mga sandaling mayroon itong pangangailangan. Hindi ginagamit ang sistema ng patubig sa bayan at maituturing na hindi mainam ang kondisyon ng lupa para sa pagsasaka. Gayundin, ang klima ayon kay Atienza ay mainit at mahalumigmig. Ang asukal, bigas, mangga, mais, *beans* at saging ang pangunahing produktong naitataguyod. Ang mga naglalakbay na mangangalakal ay karaniwan din sa bayan ng Taal. Nagdadala sila ng mga katutubong kalakal na gawa sa nasabing bayan tulad ng sinamay, *juzi*, piña, tsinelas, bolos, jabi, at marami pang iba. Ang pagkakarpintero ay isa rin sa mga hanapbuhay na pinagkakakitaan ng mga Taaleño. Ang mga karpintero ng Taal ay sikat hindi lamang sa lalawigan ng Batangas kundi pati na rin sa Tayabas, Laguna, Mindoro, Romblon, at Marinduque.

## B. Mga Kabatiran Tungkol sa Ekonomiya sa Lalawigan ng Batangas Noong Panahon ng Amerikano

Base sa mga diskursong nilalaman ng 14 na manuskritong tungkol sa ekonomiya at mga kaugnay na aktibidad sa lalawigan ng Batangas noong panahon ng Amerikano, hindi matatawaran ang mga iniluwal nitong kabatiran hinggil sa paksa.

Sa pangkalahatan, nakatuon sa agrikultura ang mga tagalalawigan ng Batangas bunsod ng kalidad ng lupa na resulta ng aktibidad ng bulkan. Bagaman hindi nakamtan ang ibayong tagumpay bunsod ng kakulangan ng kaalaman ng mga tao, kakulangan sa agham ng agrikultura at maging sa hindi maayos na mga kagamitan sa sektor na ito. Umiiral ang sistema ng pagbabahagi kung saan ang may-ari ng lupa ay nagbibigay ng mga hayop sa katulong sa paghahanapbuhay at pagsasaka, mga butong pananim, at lupa. Ang mga nangungupahan ang siyang nagtatanim at mula sa ani ay pinaghati-hati ito. Ang mga nangungupahan ay tumatanggap ng kalahati ng ani at ang natitirang kalahati ay laan naman sa may-ari ng lupa. Ang mga manggagawang nakatalaga noon sa pag-aani ay binabayaran hindi sa isang araw na trabaho ngunit sa pamamagitan ng sistema ng pagbabahaginan. Karaniwan, binibigyan sila ng isang-kapat ng halagang naani. Ang panahon ng tag-ulan ang siyang nagtatakda sa oras ng pagtatanim na karaniwang isinasagawa tuwing buwan ng Abril. Ang mga manananim naman ay gumagamit ng pinakalumang pamamaraan sa pagbebenta ng kanilang mga ani. Hindi nila alintana ang pagbebenta nito sa mababang presyo sa mga middlemen upang maiwasan hangga't maari ang anomang peligro ng

lubusang pagkalugi. Dagdag pa rito, inihahambing lamang ng mga mananamim ang dami ng naging ani sa panahon ng huling anihan at ginagawa rin itong basehan sa pagpepresyo. Ang disposisyon at saloobin ng mga nagtatanim at may-ari hinggil sa kanilang mga pananim ay nagmumula sa kung ano ang minana nila mula sa kanilang mga ninuno. Maliban sa pagtatanim, mainam din ang pag-aalaga ng hayop sa lalawigan at isa sa dahilan nito ay ang malakas na produksyon ng maisan. Kalahok din ang mga Batangueño sa pagluluwas ng mga produktong agrikultural.

Samantala, pag-usbong ng talino at kultura ng mga Pilipino noon ay naghatid ng pag-unlad unang-una sa sektor ng pangingisda bilang isang natatanging industriya sa lalawigan noong panahon ng Amerikano. Bukod sa pagiging akma ng lokasyon ng mga bayan ng Batangas sa industriya ng pangingisda, buhay na buhay ang nasabing industriya sa naturang panahon. Kaya naman, maayos ang naging daloy ng pamumuhay ng mga mangingisda sa lalawigan. Ang presyo ng isda ay nakasalalay sa estado ng supply at demand. Ang mga tao mula sa Batangas at iba pang bayan ay pumupunta sa lalawigan upang makipagtawaran ng presyo para sa mga isda. Nakasalalay sa pinakamataas na natawarang presyo ang pagbebenta ng húli. Mayroong humigit-kumulang na 35 uri ng isda na nahuhuli noon sa Batangas.

Bagaman, ang katayuan ng mga mangingisda sa lipunan ay mababa. Hindi sila masyadong naiimpluwensiyahan ng modernisasyong nagaganap sa kanilang mga bayan dahil ang karaniwang mga mangingisda ay hindi kinakailangang marunong bumasa at sumulat. Ang

kanilang pagpapamalas ng kuro-kuro ay limitado sa kalakal at merkado. Ipinapalagay na ang patuloy na paghihiwalay sa mga mangingisda mula sa mga pagbabago sa lipunan ay nagdulot sa kanila ng mabagal na pag-unlad. Ang epekto ng kolonisasyong Espanyol, partikular ang mga turo ng mga prayle, ay maliwanag sa buhay ng mga mangingisda. Ang paniniwala na ang isa ay ipinanganak na mahirap o mayaman sapagkat nilayon ng Diyos na maging ganoon sila ay malinaw na umiiral. Bagaman, mataas ang respeto ng mga mangingisda pagdating sa pag-aasawa at pamilya. Mataas din ang kanilang pagpapahalaga sa dagat, at sa tubig na anila ay nagbibigay ng pang-araw-araw na pamumuhay.

Sa larangan ng komersyo, kinakitaan ang lalawigan ng pag-usad bunsod ng pagkakaroon ng maraming mangangalakal na Tsino. Kasagsagan ang sistema ng barter sa lokal na komersyo kung saan karaniwang sa mga panahon ng pag-aani, ang mga produkto ay ipinagpapalitan sa bawat isa, tulad ng bigas na ipinagpapalit para sa asukal. Sinasabing mas masigasig ang domestic na komersyo bagaman nababanaagan na noon ang pagsisimula ng mga negosyanteng Batangueño sa pagpapabuti ng kanilang ugnayan sa pakikipagkalakalan sa buong mundo. Ang mga negosyanteng Batangueño gayundin ang mga magsasaka ay kabilang noon sa pinakatanyag na kalalakihan sa bayan, ngunit hindi bilang mga 'pinuno' dahil ang katayuang ito ay higit na naiugnay sa mga propesyonal. Nag-ugat ang *stereotyping* sa kolonisasyon ng Espanya kung saan ang mga propesyonal ang siya lamang kalipikadong maging pinuno at sila ring higit na nakakonekta sa mga Espanyol na panginoon.

Tanyag ang isang sistema noon bagay sa pagbebenta ng mga kalakal kung saan, upang mahimok ang mga tao na bumili sa kabila ng kakulangan sa salapi, iniiwan ng mga mangangalakal ang mga kalakal sa interesadong mamimili bilang utang. Nagkakaroon lamang sila ng kasunduan bagay sa termino ng pagbabayad kahit na wala itong garantiya. Kinokolekta ang bayad kapag bumalik ang mga mangangalakal sa parehong lugar na karaniwang sa panahon ng pag-aani. Dahil sa pagiging matapat sa loob na taglay ng mga Batangueño lalo na ang mga nakatira sa mga baryo, bihirang mangyari sa lalawigan ang pagkakaroon ng mga isyu ng hindi pagtupad sa napagkasunduan.

Sa usaping ekonomiya ng lalawigan ay hindi nagpahuli ang kababaihan. Aktibo ang mga Batangueña sa mga gawaing propesyonal o kahit sa pinakasimpleng paraang maaaring pagkakitaan Ang pamimili at pagbebenta ng iba't ibang kalakal ay ang pinakamalaking bahagi ng aktibidad na pang-ekonomiya ng kababaihan sa lalawigan.

## C. Implikasyon ng mga Natamong Kabatiran sa Kasalukuyang Kalagayan ng Sektor Pang-Ekonomiya ng Lalawigan ng Batangas

Hindi mapasusubalian ng mga iniluwal na kabatiran ang pagiging angat ng lalawigan ng Batangas bunsod ng pagpapatuloy nito sa kasalukuyan ng *diversified economic profile*. Isa na itong nangungunang *industrial area* na may daan-daan ng negosyo sa pagpapabrika o pagmamanupaktyur na umiiral sa maraming sonang pang-industriya. Ang lalawigan ay isa ring nangungunang *food belt* para sa National Capital Region, bilang nangungunang

tagagawa ng mga produktong may mataas na halaga na *agribusiness* tulad ng prutas, gulay, manok, baboy, at mga produktong gawa sa isda. Ang Gross Regional Domestic Product (GRDP) ng Batangas ay naging pangunahing nag-aambag sa paglago ng ekonomiya sa rehiyon ng CALABARZON(Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, at Quezon).

Ang isang kamakailang desisyon ng Steel Asia na isagawa ang pangunahing operasyon ng pagmamanupaktyur o pagyari ng bakal-Batangas, na nagpatibay sa posisyon ng Batangas bilang isang pangunahing sentro ng industriya ay umakma sa papel nito bilang sentro ng *petrochemical* ng bansa. Itinuturing ang bakal at *petrochemicals* sa pinakamahalagang tagapagpahiwatig ng malawakang industriyalisasyon. Gayundin, ang lalawigan ng Batangas ay naging kaakit-akit sa iba't ibang pangkat ng mga namumuhunan. Ang segment ng pagmamanupaktyur o pagpapabrika ay mas pinatibay katulad ng proyekto ng terminal ng Liquefied National Gas (LNG), paggawa ng gypsum-based plasterboard, at paggawa ng mga produktong elektroniko. Ang sektor ng turismo at *real estate* ay nagpalakas din. Ang Batangas din ay nananatiling mayaman sa lakas paggawa. Taglay ng lalawigan ang mahabang listahan ng mga kolehiyo at unibersidad at kilala bilang mga sentro ng karunungan sa CALABARZON. Naging paborito rin ng sektor ng BPO-IT ang Batangas lalo na sa subseksyon ng *Knowledge Process Outsourcing*, na sinasabing hindi gaanong nababantaan ng pagdagsa ng artipisyal na intelihensiya at robotisasyon. Bunsod nito, nakikinabang ang lalawigan mula sa *high competitiveness index* nito kompara sa iba pang mga lungsod at munisipalidad ng Pilipinas. Nakapuwesto

ito sa ika-9 mula sa 75 na mga lalawigan sa 2018 *Cities and Municipalities Competitiveness Index*, na isang pagtatasa sa kasiglahan sa ekonomiya, kahusayan ng gobyerno, impraestraktura, at katatagan.

## KONGKLUSYON

Malinaw ang naging epekto ng pagtatamo ng edukasyon ng mga Batangueño sa pag-usad ng sektor pang-ekonomiya ng lalawigan noong panahon ng Amerikano. Pinatutunayan ito ng ipinamalas nilang interes sa inobasyon partikular sa agrikultura at iba pang larangan. Ito ay sa kabila ng pag-iral hindi lamang ng mga sinaunang paniniwala at rituwal kundi maging ng mga hamon ng hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan.

Bagaman at ibinabadya ng lokasyon ang pagsusulong sa agrikultura, naging buhay ang iba pang mga industriya katulad ng paggawa ng palayok, mga sandata, at kagamitan; pagbuburda; pagtotroso; pagmamanupaktura; komersyo; pakikipagkalakalan; at maging maliliit na gawaing pambahay na mapagkakakitaan. Maiuugnay rito ang paglalarawan ng Pangulo ng Komonwelt ng Pilipinas na si Manuel L. Quezon sa mga Batangueño bilang madiskarte at masisikap at nararapat tularan ng mga mamamayan ng bansa.

Maituturing na lakas ng mga Batangueño ang aktibo na noong pakikilahok pangkalakalan sa lokal na lebel. Mas pinatingkad pa ito ng unti-unting pakikisangkot ng mga Batangueño sa pakikipagkalakalan sa mga dayuhan. Hindi maikakaila ang pananatili ng lakas na ito hanggang

sa kasalukuyan kung saan namamayagpag ang lalawigan pagdating sa dayuhang pamumuhunan.

## NOTES

1 Ang substantibong mga bahagi ng manuskritong ito ay birtwal inilahad ng mananaliksik sa isinagawang *National Conference on Quincentennial Commemorations* noong 14-16 Abril 2021. Ang nasabing kumperensiya ay inorganisa ng Alternatibong Tahanan ng mga Akda at Gawaing Nasaliksik (ATAGAN), katuwang ang Office of Governor Danilo Suarez, Provincial Government of Quezon, Quezon Provincial Tourism Office, Quezon Quincentennial Committee, at National Historical Commission of the Philippines.

2 Vicente Angel Ybiernas, "Contested National Development: Executive Legislative Relations in American Colonial Philippines and the Cabinet Crisis of 1923," *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia*. Asian Center 51:2 (23 September 2015): 114.

3 Ibid, 114.

4 Miho Fuji, "Livelihood Change in a Philippine Coconut Farming Village: A Case Study in Laguna Province," *African Monographs* (Supplementary Issue) 29 (March 2005): 115.

5 Ibid, 115.

6 Chester Hunt, "Education and Economic Development in the Early American Period in the Philippines," *Philippine Studies*, 36: 3 (1988): 359. http://www.jstor.org/stable/42633100.

7 Felicidad Sycip, "Factors Related to Acceptance or Rejection of Innovations," *Community Development Research Council Abstract*, 8 (1960): 33.

8 *Report of the Governor General of the Philippine Islands in 1912*. Accessed November 7, 2020. https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/.

9 *Report of the Governor General of the Philippine Islands in 1915*. Accessed November 7, 2020. https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/.

10 Ibid, 268.

11 Ibid, 271.

12 *Report of the Governor General of the Philippine Islands in 1916*. Accessed November 7, 2020. https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/.

13 Ibid, 145.

14 *Journal of the American Chamber of Commerce of the Philippines*, 1921. Accessed November 3, 2020. https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/.

15 Ibid, 11.

16 *Journal of the American Chamber of Commerce of the Philippines*, 1937. Accessed November 3, 2020. https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/.

17 Ibid, 19.

18 *A Pronouncing Gazetteer and Geographical Dictionary of the Philippine Islands*. Published 1902 by United States Bureau of Insular Affairs, 345. https://www.batangashistory.date/2018/11/towns-description1902.html

19 Ibid, 346.

## REFERENCES

Arguelles, Aurelio. "Potmaking in Batangas." National Library of the Philippines. Accessed June 5, 2020. http://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0037006267/home.htm.

Atienza, Clarissa. and Bernie Magkilat. "Batangas: The Next Metro Manila." *Manila Bulletin*, May 03, 2019. Accessed June 5,

2020. https://mb.com.ph/2019/05/03/batangas-the-next-metro-manila/.

Atienza, Clarissa and Bernie Magkilat. "Batangas: The next Metro Manila." *Manila Bulletin*, May 10, 2019. Accessed June 5, 2020. https://mb.com.ph/2019/05/10/batangas-the-next-metro-manila-2/.

Atienza, Crisologo. "The Industrial Survey of the Town of Taal, Province of Batangas." National Library of the Philippines. Accessed June 5, 2020. http://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0028008194/home.htm.

Atienza, BB. "Weapons and Implements Made and Used in Taal." National Library of the Philippines. Accessed June 5, 2020. http://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0037006269/home.htm.

Brotonel, Lorenzo. "The Fishing Industry of Balayan." National Library of the Philippines. Accessed June 5, 2020. http://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0037005226/home.htm.

Buendia, Encarnacion. "Citriculture in Tanauan." National Library of the Philippines. Accessed June 5, 2020. http://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0037013486/home.htm.

Bukid, Beato. "Agriculture in San Juan, Batangas." National Library of the Philippines. Accessed June 5, 2020. http://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0037005240/home.htm.

Caedo, Jose. "The Place of the Farmers and Merchant in Batangas City." National Library of the Philippines. Accessed June 5, 2020. http://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0037001051/home.htm.

Caedo, Jose. "The Life of a Batangas Fisherman." National Library of the Philippines. Accessed June 5, 2020. http://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0037005225/home.htm.

Chavez, Aninias. "Rice Culture in the Town of Cuenca." National Library of the Philippines. Accessed June 5, 2020. http://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0037005241/home.htm.

Fuji, Miho. "Livelihood Change in a Philippine Coconut Farming Village: A Case Study in Laguna Province." *African Monographs*, (Supplementary Issue), 29 (2005): 115-124.

Hilario, Jose. "The Local Commerce of Batangas." Retrieved June 5, 2020. http://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0037005221/home.htm.

Hunt, Chester. "Education and Economic Development in the Early American Period in the Philippines." *Philippine Studies*, 36: 3 (1988): 352-364.

"History and Cultural Life of Batangas (Town)." National Library of the Philippines Digital Collections. Accessed November 5, 2020. https://www.batangashistory.date/2018/11/towns-description1902.html.

American Chamber of Commerce of the Philippines. *Journal 1939*. American Chamber of Commerce of the Philippines, 1939. Accessed November 3, 2020. https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/

American Chamber of Commerce of the Philippines. *Journal 1921*. American Chamber of Commerce of the Philippines, 1921. Accessed November 3, 2020. https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/

Layosa, Pastor. "Economic Survey of Lian, Batangas." National Library of the Philippines. Accessed June 5, 2020. http://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0028008195/home.htm.

Luansing, Galicano. "Industries in Batangas Province." National Library of the Philippines. Accessed June 5, 2020. http://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0037005214/home.htm.

Malabanan, Tarcila. "Economic Activities of Women in Batangas." National Library of the Philippines. Accessed June 5, 2020. http://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0037005251/home.htm.

United States Bureau of Insular Affairs. *A Pronouncing* Gazetteer and Geographical Dictionary of the Philippine Islands. United

States Bureau of Insular Affairs:1902. Accessed November 5, 2020. https://www.batangashistory.date/2018/11/towns-description1902.html

*Report of the Governor General of the Philippine Islands,* 1912. Washington: Government Printing Office, 1912. Accessed November 7, 2020. https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/.

*Report of the Governor General of the Philippine Islands*, 1915. Washington: Government Printing Office, 1915. Accessed November 7, 2020. https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/.

*Report of the Governor General of the Philippine Islands*, 1916. Washington: Government Printing Office, 1916. Accessed November 7, 2020. https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/.

Sycip, Felicidad. "Factors Related to Acceptance or Rejection of Innovations." *Community Development Research Council Abstract*, 8 (1960).

Umali, Cornelio. "The Citrus Industry in the Province of Batangas." Retrieved June 5, 2020. http://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0028008196/home.htm.

Ybiernas, Vicente Angel. "Contested National Development: Executive Legislative Relations in American Colonial Philippines and the Cabinet Crisis of 1923." *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia* 51 (23 September 2015).

"When President Manuel L. Quezon Praised Batangas for Its Self-Sufficiency." *Batangas History, Culture, and Folklore*. Accessed February 27, 2019. https://www.batangashistory.date/2019/02/when-president-manuel-quezon-praised-batangas.html.

## APENDIKS

### A. Kalipunan ng mga Manuskrito sa Sinupan ni Otley Beyer Tungkol sa Lalawigan ng Batangas na Makikita sa Digital na Koleksyon ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA | TEMA |
|---|---|---|
| 1. "The Life of a Batangas Fisherman" | Jose P. Caedo, 1915 | Paraan ng Pangingisda sa Tubig-alat/Tubig-tabang sa Batangas; Bentahan ng Isda sa Batangas; Kulturang Panlipunan ng mga Batangueńong Mangingisda |
| 2. "The Local Commerce of Batangas" | Jose M. Hilario, 1915 | Kalakalan at Komersyo sa Batangas; Mga Patakaran sa Timbang and Sukat |
| 3. "The Place of the Farmer and the Merchant in Batangas Society" | Jose P. Caedo, 1916 | Klase ng Panlipunan at mga Kaugalian sa Batangas |
| 4. "Economic Activities of the Women in Batangas Province" | Tarcila Malabanan, 1916 | Mga Batangueńa at Panlipunang Pagkakahati- hati; Pakikilahok ng mga Batangueńa sa Negosyong Buy and Sell |

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA | TEMA |
|---|---|---|
| 5. "The Fishing Industry of Balayan" | Lorenzo Brotonel, 1916 | Iba't ibang Kasangkapang Gamit sa Pangingisda sa Tubig-alat/Tubig-tabang sa Balayan |
| 6. "Industries of Batangas Province" | Galicano Luansing, 1916 | Agrikultura – Asukal, *Stock Raising*, Pangingisda; Pangangahoy; Pagpapabrika o pagmamanupaktyur, Komersyo |
| 7. "Pot-making in Batangas" | Aurelio P. Arguelles, 1917 | Paggawa ng Palayok |
| 8. "Weapons and Implements Made and Used in the Town of Taal" | BB Atienza, 1917 | Mga Sandata at Kasangkapan |
| 9. "Agriculture in San Juan, Batangas" | Beato M. Bukid, 1919 | Pagpapalaki ng mga Puno ng Niyog; Produksyon ng Bigas; Pagtatanim ng Palay; Pagpapalaki ng mga Pananim; Pagpapalaki ng *Castor Bean/Castor Oil Plant, Rubber Trees*, at mga *Fiber Plant* |
| 10. "Rice Culture in the Town of Cuenca" | Ananias L. Chavez, 1920 | Mga Paniniwala sa Likod ng Kultura ng Bigasan sa Cuenca |

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA | TEMA |
|---|---|---|
| 11. "The Citrus Industry in Batangas Province" | Cornelio V. Umali, 1924 | Mga Paraan ng Pagpitas at Paghawak ng mga Sitrus na Prutas; Relasyon ng Magtatanim at Mamimili ng Sitrus |
| 12. "Citriculture in Tanauan" | Encarnacion R. Buendia, 1926 | Pagtatanim at Pagbebenta ng Mandarin sa Batangas |
| 13. "Economic Survey of Lian, Batangas" | Pastor M. Layosa, 1927 | Mga Kondisyong Panlipunan; Kaugalian ng mga Tao; Industriya ng Asukal; Pagsasaka ng Palay; Pagmamay-ari ng Lupa at Pangungupahan |
| 14. "The Industrial Survey of the Town of Taal, Batangas Province" | Crisologo Atienza, 1934 | Estrukturang Heograpikal ng Taal; Katangian ng Populasyon sa Taal; Kalakalan at mga Distritong Pang-industriya sa Taal |
| 15. "Customary Laws in Calaca, Batangas" | Marcela Endaya, 1931 | Mga Panlipunang Patakaran at Tradisyon sa Sinaunang Bayan ng Calaca |
| 16. "Customary Laws in Lipa, Batangas" | Simeona Leus, 1930 | Mga Nakagawiang Patakaran sa Sinaunang Bayan ng Lipa (domestiko, agrikultural, industriyal, at komersyal) |

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA | TEMA |
|---|---|---|
| 17. "Folklore from Lipa, Batangas" | Amparo Reyes, 1924 | Walong Kuwentong Bayan sa Lipa (karamihan ay tungkol sa Lumang Lipa). Simbahan at mga Pamahiin |
| 18. "Folklore from Taal, Batangas" | Eulalia B. Oñate, 1924 | Kuwento ng Banal na Krus ng Bauan |
| 19. "Batangas Folktales" | Aurelio P. Arguelles, 1915 | Mga Kuwentong Bayan (Batangueñong Bersyon); Ang Alamat ng Eklips ng Buwan; Ang Pinagmulan ng mga Balang |
| 20. "Folksongs in Lipa, Batangas" | Emilia Malabanan, 1918 | Mga Kaugalian sa Sinaunang Bayan ng Lipa; "Mananapat"; "Pandango" |
| 21. "Legends Among the People of Batangas" | Leon Bibiano Meer, 1916 | Mga Alamat ng Bulkang Taal, Lawa ng Taal, at Bundok Makiling (Batangueñong Bersyon) |
| 22. "The Makolot Mountain and the Stories Relating to it, as Told by the Old People of Cuenca" | Amanias L. Chavez, 1922 | Mga Alamat ng Bundok Macolot at Mariang Ilaya; Mga Kuwento ng Engkanto at Tiyanak |
| 23. "Music Tales from Lian, Batangas" | Rafael L. Arcega, 1926 | Mga Alamat sa Lian, Mga Kuwentong Engkantado at ang Diwata sa Mainit na Bukal ng Binubusan |

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA | TEMA |
|---|---|---|
| 24. "Native Amusements in the Province of Batangas" | Juan V. Pagaspas, 1916 | Listahan ng mga Sinaunang Libangan sa Batangas; Musika, Sayaw, Palakasan, at mga Gawain tuwing Kuwaresma, Pasko, Bagong Taon, at Kapistahan |
| 25. "Social Activities in Cuenca, Batangas" | Petronila C. Marasigan, 1927 | Mga Gawain sa Sinaunang Bayan ng Cuenca tuwing Semana Santa, Simula Linggo ng Palaspas hanggang Linggo ng Muling Pagkabuhay; Mga Gawain tuwing Pista ng Barangay at Pista ng San Isidro Labrador |
| 26. "Social Culture of the People of Batangas Province" | Leon B. Meer, 1915 | Listahan ng mga Katangiang Batangueño; Mga Pamahiin ng mga Batangueño |
| 27. "Social Customs and Beliefs in Batangas Province" | Mauricio Zamora, 1916 | Ang Matibay na Respeto ng mga Batangueño para sa kanilang mga Magulang; Ilang Paniniwala ng mga Batangueñong Manunugal |
| 28. "Social Customs and Beliefs in Lipa, Batangas" | Julian Lopez, 1916 | Mga Kakaibang Pamahiin ng mga Sinaunang Mamamayan ng Lipa |

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA | TEMA |
|---|---|---|
| 29. "Social Functions Among the Peasants of Lipa, Batangas" | Tarcila Malabanan, 1917 | Mga Kaugaliang Pangkasalan; Mga Kaugaliang Pamburol ng mga Magbubukid na Taga- Lipa; Kuwaresma; Flores de Mayo, Lahat ng mga Taunang Gawain ng mga Magbubukid na Taga-Lipa |
| 30. "A Sociological Account of the People of Batangas Province" | Jose De Villa, 1916 | Mga Kaugalian at Katangian ng mga Batangueño; Mga Paniniwala at Selebrasyon ng mga Sinaunang Batangueño |
| 31. "Songs of the Peasants of Lipa, Batangas" | Tarcila Malabanan, 1915 | Mga Kanta ng mga Magbubukid na Taga-Lipa - Kundiman, Ibong Adarna |
| 32. "Catalogue and Accession Book of the Roth–Beyer collection of Late Neolithic Material from Batangas Province" | Otley Beyer, 1933 | Iba't ibang Neolitikong Ispesimeng Nakolekta sa Alitagtag, Bauan, Taal, at San Luis |
| 33. "The History, Archaeology, Folklore, and Songs of Bauan and Its Vicinity" | Celedonio P. Gloria, 1923 | Kasaysayan ng Bauan; Mga Himala ng Banal na Krus ng Bauan; Mga Iba't ibang Kuwentong Bayan sa Bauan |

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA | TEMA |
|---|---|---|
| 34. "Batangas Archaelogical Survey" | NA | Mga Arkeolohikong Gamit na Nadiskubre sa Neolitikong Panahon Hanggang Panahon ng Tanso |
| 35. "Former Marriage Customs in Rosario, Batangas" | Antolina C. Lualhati, 1916 | Mga Kasanayan sa Panliligaw sa Rosario; Paninilbihan / Mga Kasanayan Bago ang Kasal; Mga Tradisyon at Kaugaliang Pangkasal |
| 36. "Marriage Customs and Ceremony in Tanauan" | Josefa Valero, 1926 | Kontratang Pampamilya ng mga Sapilitang Kasal; Kasunduan sa Pagpapakasal/ Mga Kasanayan Bago ang Kasal; Mga Tradisyon sa Seremonya ng Kasal |
| 37. "Marriage Customs in Batangas" | Remedios Q. Kalalo, 1916 | Mga Kasanayan sa Panliligaw, Kasunduan sa Pagpapakasal/Mga Gawain Bago ang Kasal; Mga Kaugaliang at Pamahiing Pangkasal sa San Jose Batangas |
| 38. "Native Marriage Customs in Batangas Province" | Tomas Mabilangan, 1915 | Paraan ng Panliligaw ng mga Batangueño; Mga Kasanayan Bago ang Kasal; Mga Tradisyon ng Seremonya ng Kasal sa Batangas |

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA | TEMA |
|---|---|---|
| 39. “Wedding Superstitions and Omens in San Jose” | Agapito H. Mendoza, 1924 | Iba’t ibang Pamahiing Pangkasalan |
| 40. “Beliefs in Taal” | Celestina Mandanas, 1924 | Mga Paniniwalang Sinkretiko–Seremonya ng Binyag, Pasko ng Muling Pagkabuhay, mga Kilos ng Kababaihan Kaugnay ng Pag-ibig (Panliligaw) at Kasal; Kamatayan–ang Patay at Espiritu; Burol; Kuwentong Bayan sa mga Asuwang; Mga Paniniwala sa Pagtuklas ng Pagkakasala at Suwerte; Likas na Kaganapan– Pagsabog ng Bulkan, Kometa, Paglalakbay sa Dagat, Ilog, Kagubatan |
| 41. “Common Beliefs in Lipa” | Amparo Reyes, 1925 | Mga Katutubong Paniniwala Konektado sa mga Katawang Selestiyal; Ang Araw at Buwan; Eklips, Pagsikat ng Araw, Paglubog ng Araw; Kulog at Kidlat na Konektado sa Panahon–Bahaghari, Ulan, Bagyo, Kalangitan, mga Bituin, Kometa; Paniniwalang Sinkretiko–Swerte, Kapalaran, Kasal, Giyera, Nobena, atbp. |

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA | TEMA |
|---|---|---|
| 42. "Common Beliefs in Tayabas and Batangas" | Melanio Javierto, 1917 | Paniniwalang Sinkretiko– Pag-uugnay ng pagsabog ng bulkan sa Pampanitikang Katauhan ni "Bernardo Carpio;" Kuwentong Bayan tungkol kay Carpio at Rizal; Kuwentong Kababalaghan Kaugnay ng Balete; Tambuli (kuwentong krimen); Engkantadong Kuweba |
| 43. "Different Beliefs in Lian" | Rafael Arcega,1924 | Paniniwalang Sinkretiko ng mga Kasanayang Pang- Semana Santa; mga Paniniwala sa Pati Anak; Iki, Tikbalang; Masasamang Panaginip, Buwan, Panahon ng Pagtatanim |
| 44. "Local Beliefs in Cuenca" | Agripino Cuevas, 1925 | Katutubong Paniniwala tungkol sa mga Panaginip, Kamatayan, Kaugalian ng mga Hayop, Kasal, Pagbubuntis |

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA | TEMA |
|---|---|---|
| 45. "Magic Tales from Cuenca" | Agripino Cuevas, 1925 | Mga Katutubong Paniniwala tungkol sa Balon ng Birhen ng Caysasay (Labac, Taal); *Magic Potion* ng Langis ng Calumpang at Tubig mula sa Balon; Nagmimilagrong Tubig galing sa Balon; Katutubong Paniniwala sa Tikbalang; Paniniwala sa Tawak (lokal na manggagamot); Ulopon (Kuwento ng Away-Pamilya) |
| 46. "Magic Tales from Cuenca 2" | Agripino Cuevas, 1925 | Ang Alamat ng Prinsesa |
| 47. "Magic Tales from Lipa" | Amparo Reyes, 1925 | Mahikang Kaugnay ng Maalamat na si Juanang Ilaya; Balete; Puno ng Lipa; Engkantadong Lawa ng Taal (*magic chicken*) sa Lumang Lipa |
| 48. "Magic Tales from Sto. Tomas, Batangas" | Aurora Hernandez, 1925 | Kuwentong Bayan tungkol sa *Water Lilies* at Magandang Babae, Engkantado (mundong ilalim); Kuwento ng Sirang Kubo |

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA | TEMA |
|---|---|---|
| 49. "Magic Tales from Taal" | Celestina Mandanas, 1925 | Paniniwalang Sinkretiko Kaugnay ng Mahika–ni San Vincente; Alamat ng Bayan tungkol sa mga Kuliglig/ Magagandang Babae; Maitim na Babaeng si Margarita; Mga Pagbanggit ng mga Tradisyon ng Toclong at Subli |
| 50. "Miscellaneous Beliefs in Lian" | Rafael Arcega, 1924 | Mga Katutubong Paniniwala sa Pag-alam ng Panahon/ Pagbagsak ng Ulan/ Katawang Selestiyal– Buwan at mga Bituin, Pagsasaka, Bagyo/ Pagkidlat/ Mga Hayop/ Mga Insektong Iniiugnay sa Suwerte/ Pagsusugal/; Mga Kilos ng Kababaihan; Mga Paniniwala tungkol sa Kamatayan; Kometa/ Delubyo/ Pagsabog ng Bulkang Taal, Pag-aalay ng Pagkain sa "nono" |
| 51. "Myths About Taal Lake, Batangas Province" | Porfirio Andal, 1931 | Alamat tungkol sa Pinagmulan ng Lawa ng Taal; Alamat ng Palong Bato |

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA | TEMA |
|---|---|---|
| 52. "Superstitions and Beliefs of the People of Batangas" | Nieves Altamirano, 1919 | Mga Katutubong Paniniwala tungkol sa Suwerte/ Kapalaran, Kahulugan ng mga Panaginip, Pagkakasakit, Mundong Ilalim, Engkantadong Lawa ng Taal, Kagubatang Pinamumugaran ng mga Espiritu |
| 53. "Superstitious Beliefs in Santo Tomas" | Aurora Hernandez, 1925 | Mga Pamahiin tungkol sa Pagkagat ng Dila, Pasusugal, mga Panaginip, Kasal, Pagdaan sa Kagubatan, Seremonya ng Kasal, Panggagamot, Pang-araw-araw na Gawain gaya ng Pagluluto, mga Gawaing- Bahay, atbp., tungkol sa kamatayan at mga Kasanayan sa Paglilibing, Pagkakaibigan; Tungkol sa mga Hayop/ Insekto; mga Halaman/ mga Puno (Binanggit ang Puno ng Lipa), Panahon ng Taniman/ Tiyempo/ Suwerte |

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA | TEMA |
|---|---|---|
| 54. "Fiestas in Bauan, Batangas" | Severino Garcia, 1927 | Opisyal na mga Kapistahan (kasama ang mga Amerikanong Pagdiriwang); Relihiyosong Kalendaryo; Paglalarawan ng mga Paghahanda sa Pista ng mga Relihiyosong Kapistahan sa Bayan at Simbahan; *Value System* ng Utang na Loob; Eleksyon ng Reyna ng Kapistahan; Konstruksyon ng Pagoda; Organisyasyong Pangkabataan/ Organisasyong Pansibika (Kampon ni Pakakak; Kampon ni Balagtas; Batang Aratan); Bisperas/ Programa ng mga Selebrasyon |
| 55. "Folklore and Beliefs from Taal" | Celestina Mandanas, 1925 | Alamat ng Pinagmulan ng Taal; Alamat ng Ilog Calumpang (Lungsod ng Batangas); Alamat ng Tala sa Umaga at ng Magandang Babae (*bayan ng Maligaya); Pamahiin tungkol sa pagtatanim; Kaugalian ng mga Hayop; Mga Kilos; Mga Patay na Tao |

| PAMAGAT NG MANUSKRITO | PANGALAN NG MAY-AKDA AT PETSA NG PAGKALATHALA | TEMA |
|---|---|---|
| 56. “Folktales and Religious Festivals in Batangas” | Claudia Cruz, 1930 | Claudia Cruz, 1930 Pabula ng Pusa at Daga; Kambing na puwedeng Sikat sa Bayan o mga Pasalitang Alamat galing sa mga Matatanda; Kuwento ni Juan Tamad (Batangueñong bersyon)-Kuwento ng Mahika |
| 57. “Beliefs in Santo Tomas” | Aurora Hernandez, 1926 | Paniniwalang Sinkretiko sa Kasal, Binyag; Pamahiin tungkol sa mga Hayop, Insekto, Panaginip, Kasal, mga Kilos |
| 58. “Superstitious Beliefs in San Jose” | Agapito Mendoza/,1925 | Mga Paniniwalang Sinkretiko–Kapanganakan; Binyag, mga Kilos, Kasal, Kamatayan, tungkol sa mga Hayop/ mga Insekto (kasaykasay), Suwerte/ Kapalaran, Pagtatanim, Pag-ulan at Bagyo, mga Bisita |

## B. Mga Nakalap na Datos tungkol sa mga Awtor ng Manuskritong Tumatalakay sa Ekonomiya ng Lalawigan ng Batangas na Makikita sa Koleksyon ni Beyer

| |
|---|
| **Jose P. Caedo**<br><br>Binanggit sa pag-aaral nina Cartago et. al (2015) na may titulong 'Structural Analysis of Selected Folktales in Batangas' na si Jose P. Caedo ay isang Tagalog na taga-Batangas at siyang tagapaglahad ng folktale na "The Story of Carancal." Maaaring silipin ang link na ito<br><br>http://cti.batstate- u.edu.ph/rmis/?do=guestview&go=guestviewresearch&researchid=872 |
| **Jose M. Hilario**<br><br>Binanggit sa pahina ng *Mythology and Folklore UN-Textbook* si José M. Hilario na isang Tagalog na taga-Batangas at siyang tagapaglahad ng Pilipinong kwento na "The Three Friends: the Monkey, the Dog, and the Carabao." Maaaring silipin ang mga link na ito<br><br>http://mythfolklore.blogspot.com/2014/06/filipino-tales-three-friends.html<br><br>https://books.google.com.ph/books?id=DaGgAwAAQBAJ&pg=PA61&lpg=PA61&dq=Jose+M.+Hilario+batangas&source=bl&ots=Zp5hvOr5Yo&sig=ACfU3U2ktE6FLreNA3CoZH-P56Qb7P7Tzg&hl=en&sa=X&ved=2ahUKEwiT_4rNqsf2AhWUZd4KHVF0CBoQ6AF6BAghEAM#v=onepage&q=Jose%20M.%20Hilario%20batangas&f=false<br><br>Samantala, kabilang siya sa mga nakatala sa *Directory of Filipino Students in the United States*. Maaaring silipin ang link na ito.<br><br>https://books.google.com.ph/books?id=fSNJAQAAIAAJ&pg=PA24&lpg=PA24&dq=Jose+M.+Hilario+batangas&source=bl&ots=Uf2ltiN06S&sig=ACfU3U0AMf29tY_jkX52pX6RaXQAttbWSQ&hl=en&sa=X&ved=2ahUKEwiT_4rNqsf2AhWUZd4KHVF0CBoQ6AF6BAgIEAM#v=onepage&q=Jose%20M.%20Hilario%20batangas&f=false |

| |
|---|
| **Tarcila Malabanan**<br><br>Isang Lipeña na nanguna sa pagtamo ng masterado sa wikang Ingles at alumna ng Unibersidad ng Pilipinas. Maaaring silipin ang link na ito.<br><br>https://www.coursehero.com/file/21148121/Macario-s-Noche-Buena/<br><br>Sumulat siya ng mga maikling kuwento na nag-iwan ng tatak gamit ang simpleng wikang Ingles katulad ng Estudiante and Macario's Noche Buena. Maaaring silipin ang mga link na ito.<br><br>https://herencialipena.com/2018/03/11/outstanding-lipenas-from-the-past/<br><br>https://www.myheritage.com/names/tarcila_malabanan |
| **Lorenzo Brotonel**<br><br>Nagmula sa Balayan, Batangas ayon sa nakasaad sa tala sa kopya ng programa ng pagtatapos sa Unibersidad ng Pilipinas. Maaaring silipin ang link na ito.<br><br>https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/acg5458.1923.001/75?page=root;print=1;size=100;view=text |
| **Galicano Luansing**<br><br>Siya ay nagsilbing lider ng Luansing Unit Fil-American Batangas Guerrillas. Maaaring silipin ang link na ito.<br><br>https://www.batangashistory.date/2020/09/captain-cesar-fernandos-investigative-report-on-the- luansing-unit.html |
| **Aurelio P. Arguelles**<br><br>(Walang nakalap na datos ang mananaliksik.) |
| **BB Atienza**<br><br>(Walang nakalap na datos ang mananaliksik.) |

| |
|---|
| **Beato M. Bukid**<br><br>Nagmula sa Bolbok, Batangas ayon sa nakasaad sa tala sa kopya ng programa ng pagtatapos sa Unibersidad ng Pilipinas. Maaaring silipin ang link na ito.<br><br>The United States and its Territories, 1870 - 1925:<br>The Age of Imperialism<br>https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/acg5458.1923.001/76?page=root;size=100;view=text |
| **Ananias L. Chavez**<br><br>Siya ay mula sa Cuenca, Batangas. Mula sa ilang nakaaangat na pamilya na nakapag-aral at naging propesyonal. Nagsilbi bilang GSIS Medical Director. Maaaring silipin ang link na ito.<br><br>https://cuenca.balinkbayan.gov.ph/cuenca-batangas/ |
| **Cornelio V. Umali**<br><br>(Walang nakalap na datos ang mananaliksik.) |
| **Encarnacion R. Buendia**<br><br>Nagmula sa Tanauan, Batangas ayon sa nakasaad sa tala sa kopya ng programa ng pagtatapos sa Unibersidad ng Pilipinas. Maaaring silipin ang link na ito.<br><br>https://quod.lib.umich.edu/p/philamer/ACG5458.1930.001?rgn=main;view=fulltext |
| **Pastor M. Layosa**<br><br>Nagmula sa Lian, Batangas ayon sa nakasaad sa *Annual Report of the Treasurer* by PH Bureau of the Treasury Directory ng mga aktibong ahente ng insular companies na awtorisadong magsagawa ng mga transaksyon sa Pilipinas, December 31, 1938. Maaaring silipin ang link na ito. |

| |
|---|
| https://books.google.com.ph/books?id=K48bAQAAIAAJ&pg=RA4-PA82&lpg=RA4- PA82&dq=Pastor+M.+Layosa&source=bl&ots=g5psZOed7A&sig=ACfU3U0Kuhj02n44wU93TT ldmaItzRJYsA&hl=en&sa=X&ved=2ahUKEwjApKTZhsf2AhUVAIgKHR8JAT4Q6AF6BAgOEAM#v=onepage&q=Pastor%20M.%20Layosa&f=false |
| **Crisologo Atienza**<br><br>(Walang nakalap na datos ang mananaliksik.) |